
# agong

KOMIKS



Ang **Agong Komiks** ay inihahandog ng ***Balay Rehabilitation Center*** sa mga *internally displaced persons (IDPs)* na mas kilala sa tawag na "bakwit". Ang babasahing ito ay para rin sa lahat ng nagnanais ng kapayapaan, at kumikilos upang mapangalagaan ang mga karapatan ng sibilyang paulit-ulit na naiipit sa gitna ng karahasan.

Ang mga tauhan, lugar, pangyayari sa mga kuwento at guhit sa komiks na ito ay kathang-isip lamang. Kung sakali at may pagkakahawig sa ilang tunay na karanasan, ito ay hindi sinasadya bagama't ang mga akdang ito ay hindi malayo sa katotohanan.


Patnugot
***Kaloy A. Anasarias***

Kuwento ni
***Carina V. Anasarias***

Guhit at Lay-out ni
***Armando L. Paragat***



Ipadala ang inyong puna at mungkahi sa:

***Balay Rehabilitation Center***
*No. 25 Maalindog Street*
*UP Village, Diliman*
*Quezon City*

*Tel. No. (632) 4263825*
*Telefax: (632) 9216301*
*Email: balaysrv@info.com.ph*
*Website: hhtp://www.balayorg.ph*

## PAUNANG SALITA

Sa mga Mambabasa,

Nabasa ko sa isang report ng *US Comittee on Refuees (USCR)* na ika-apat ang Pilipinas sa mga bansa sa *Southeast Asia* na may pinakamaraming bilang ng mga taong naitaboy ng armadong labanan. Sa iba, maaaring ito ay isang ulat lamang. Mga bilang na walang mukha at pangalan. Pero, papaano kung ang bawat numero sa listahan ng mga bakwit ay may katumbas na pares ng mga mata ng tao na nakatingin sa iyo. At ang mga matang ito ay nagtatanong kung bakit sila ay nasa *evacuation centers*, katabi ng mga manok, balutan, at kalderong walang laman. Daang libong nilalang na namumuhay sa pangamba, hindi makapagtrabaho gustuhin man nila, at napipilitang maghintay ng tulong nang iba na hindi tiyak kung kailan darating.

Walang gustong maging bakwit. Kahit sinong *IDP* ang tanungin mo, mas gugustuhin nilang mamuhay ng payapa sa kanilang komunidad kahit mais lang ang kanilang pagkain. Ang isang mahirap ay maaaring umunlad basta may pagkakataon at suporta. Pero kung walang kapayapaan, kahit anong pagsisikap ay magiging napakahirap. Ang mga sundalo at katunggali nila ay mas gugustuhin din naman kung mg-uusap na lang ng makatarungan kaysa magbarilan. Ligtas na ang kanilang buhay, malayo pa sa pag-aalala ang kanilang pamilya.


Kaya naman, layunin ng babasahing ito na ipaliwanag na may Karapatan ang mga mamamayan na mamuhay ng mapayapa at may katarungan. Ang karapatang ito ay hindi nawawala maging sa gitna ng giyera o armadong sagupaan. Sa madaling salita, hindi lahat ay puwedeng mangyari sa panahon ng labanan, lalo na kung ang nakataya ay ang buhay, kaligtasan at kabuhayan ng mga sibilyan. Ang mga karapatang ito ay kinikilala ng mga batas at patakaran na sinasalamin ng *UN Guiding Principles on Internal Displacement (UNGPID)*. At dahil higit na mahirap ang kanilang katayuan, malaki ang responsibilidad ng mga awtoridad, makataong samahan, at iba pang sangkot sa kaguluhan na sila ay protektahan.

Hangad ng *Balay Rehabilitation Center* na makatulong ang babasahing ito sa pagpapalaganap ng karapatan ng mga bakwit, at sa paghihikayat sa lahat na tumulong para magkaroon ng mga patakaran at programa na makakabawas sa kalbaryo ng mga *IDP*. Sa panghuli, sana ay maglingkod din ito sa sama-samang nating pangarap na mapayapang bukas.

Lorena B. dela Cruz
*Executive Director*
*Balay Rehabilitation Center*


# BAKWIT


KUWENTO: CARINA V. ANASARIAS GUHIT: ARMANDO L. PARAGAT




**KAY SARAP MANGARAP NG KAPAYAPAAN. KAPAG WALANG KAGULUHAN, WALANG PINSALA AT PANGANIB NA KAKATAKUTAN. AT ANG PAGKAKATAONG UMUNLAD AY MAARING MAISAKATUPARAN. SUBALIT, SA LOOB NG MARAMING TAON, ANG KARAHASAN, BILANG INSTRUMENTO SA PAGLUTAS NG MGA PROBLEMA SA MINDANAO, AY PALAGI NA LANG NAGTATABOY SA MGA SIBILYANG NAIIPIT SA ARMADONG LABANAN.**












*SA GIYERA, LAHAT AY TALO. MAS MARAMING BUHAY AT PERA ANG NASASAYANG SA LABANAN KAYSA USAPANG PANGKAPAYAPAAN:*


- *GASTOS NG GOBYERNO SA GIYERA – 73 BILYONG PISO MULA 1970-1996*
- HALAGANG NAGULGOL SA USAPANG PANGKAPAYAPAAN – 60 MILYONG PISO MULA 1992-1996

*(MINDANEWS)*






**SA PAGDAAN NG PANAHON, NAKALULUNGKOT NA TILA MAS MADALI SA MGA MAGKAKALABANG PUWERSA ANG MAG-USAP SA PAMAMAGITAN NG ARMAS AT BALA SA HALIP NA AYUSIN ANG KANILANG MGA PROBLEMA SA PAMAMAGITAN NG NEGOSASYON. HABANG ANG MAGKABILANG PANIG AY NAGSASABING ANG KABUTIHAN NG MAMAMAYAN ANG KANILANG PINAPANIGAN, ANG MGA SIBILYANG ITO RIN NAMAN ANG NAPIPINSALA SA BAWAT PAGSIKLAB NG KANILANG KARAHASAN.**










***EVACUATION*** **O PAGLILIKAS -- KARANIWANG NANGYAYARI KAPAG LUMUSOB ANG MGA MILITAR AT NAGSAGUPA NA SILA NG MGA ARMADONG PANGKAT. ANG MARAHAS NA LABANAN AY SAPILITANG NAGTATABOY SA MGA RESIDENTE SA KANILANG LUGAR. BIHIRANG NAPAGSASABIHAN ANG MGA SIBILYAN NA MAGKAKAGULO KAYA HINDI NILA NAPAGHAHANDAAN ANG PAG-ALIS NILA. NAGTUTUNGO SILA SA MGA PAARALAN,** ***PLAZA, GYMNASIUM, WAREHOUSE, MOSQUE*** **O SIMBAHAN, AT** ***TENT CITIES*** **NA NAGIGING PANSAMANTALANG TIRAHAN NILA.** ***INTERNALLY DISPLACED PERSONS (IDPs)*** **ANG TAWAG NG** ***UNITED NATIONS*** **SA KANILA. SA MINDANAO, MAS KILALA SILA SA TAWAG NA BAKWIT.**



**DAHIL DIN SA *DISPLACEMENT* AY NAPAPALAYO ANG MGA BAKWIT SA KANILANG PINAGKUKUHANAN NG IKABUBUHAY. ANG PAGLIKAS AY MAAARING BOLUNTARYO O PWERSAHAN. ANG DAHILAN AY UPANG UMIWAS SA MGA EPEKTO NG ARMADONG LABANAN, SA MGA SITWASYON NA MAY MALAWAKANG KARAHASAN, PAGLABAG SA MGA KARAPATANG PANTAO, O PANGYAYARI NG MALAWAKANG KAPINSALAAN SA KAPALIGIRAN NA MAAARING KAGAGAWAN NG TAO O NG KALIKASAN.**






**SI JAMIL, 10 TAONG GULANG. KASAMA SIYA SA MAHIGIT ISANG MILYONG SIBILYAN (*DATOS NG DSWD*) NA LUMIKAS AT NAAPEKTUHAN NG GIYERA SA MINDANAO MULA PA NOONG 2000. DAANG LIBONG PAMILYA NG MGA MORO, LUMAD AT *SETTLERS* SA IBA'T IBANG LUGAR SA MINDANAO ANG ITINABOY NG MGA ARMADONG LABANAN. SUBALIT SA KABILA NITO, SILANG MGA BAKWIT AY MAY MGA KARAPATAN KATULAD NG IBA PANG MAMAMAYAN NG BANSA. TUNGKULIN NG PAMAHALAAN NA IPAGTANGGOL AT ITAGUYOD ANG MGA KARAPATAN NG MGA BAKWIT.**




**MARAMING MGA BATA SA MINDANAO ANG HALOS LUMAKI NA SA GITNA NG GIYERA. HABANG WALANG KATAHIMIKAN SA REHIYON, PATULOY DING ISINISILANG ANG MARAMING BATA NA KUNG IISIPIN AY HALOS MGA ANAK NA NG DIGMAAN.**






ANG MGA BAKWIT AY NAKALANTAD SA PANGANIB AT MADALING MAAPEKTUHAN NG MGA DI-MABUTING KUNDISYON SA PANAHON NG KANILANG PAGLIKAS. TUNGKULIN NG PAMAHALAAN NA TIYAKIN NA ANG KANILANG MGA KARAPATAN AY NAPANGANGALAGAAN. ANG GOBYERNO AY MAGBIBIGAY SA KANILA NG ANGKOP NA TULONG AT OPORTUNIDAD UPANG BUHAYIN NILA ANG KANILANG MGA SARILI AT PAMILYA HABANG NAGPAPATULOY ANG KANILANG *DISPLACEMENT*.


NAKATIRA MAN SILA PANSAMANTALA SA MGA *EVACUATION CENTERS* O NAKAKALAT SA MGA LUNSOD AT KANAYUNAN, ANG BAKWIT AY MAY KARAPATAN PARA SA SAPAT NA ANTAS NG PAMUMUHAY. HALIMBAWA, SAPAT NA PAGKAIN, MALINIS AT MAIINOM NA TUBIG..




LUGAR NA MASISILUNGAN AT PABAHAY..





MGA KASUOTAN UPANG PANGALAGAAN ANG KANILANG KATAWAN SA INIT, LAMIG AT IBA PANG KUNDISYON SA KALIKASAN..




**PAGKAKAROON NG SISTEMA NG SANITASYON O PAGMIMINTINA NG KALINISAN SA PALIGID..**




**KARAPATAN DIN NG BAKWIT NA MABIGYAN NG MGA GAMOT AT SERBISYONG MEDIKAL UPANG PANGALAGAAN ANG KANYANG KALUSUGAN..**




**KAILANGAN DING MALUNASAN ANG SOBRA-SOBRANG PAGKATAKOT, PAGAALALA, PAGKAGALIT, PAGKALUNGKOT AT IBA PANG EPEKTO NG *TRAUMA* MULA SA KARAHASAN AT PUWERSAHANG PAGLIKAS. ANG SERBISYONG *PSYCHOSOCIAL* KAILANGAN NG LAHAT, LALO NA ANG MGA BATA AT MGA NAKATATANDANG NAMATAYAN NG KAMAG-ANAK O NAWALAN NG MAHALAGANG BAGAY SA BUHAY.**




**KARAMIHAN SA NASA *EVACUATION CENTERS* AY MGA KABABAIHAN AT MGA KABATAAN. ANG MGA KALALAKIHAN AY ABALA SA PAGHAHANAP NG IKABUBUHAY O BUMABALIK SA BUKID. DAHIL DITO, DAPAT NA IGALANG ANG KARAPATAN NG MGA KABABAIHANG BAKWIT UPANG MAGPASIYA HINGGIL SA MGA SERBISYONG TATANGGAPIN TULAD NG URI NG RASYON AT PAMAMAHAGI NG PAGKAIN, DISENYO NG PASILIDAD SA *EVACUATION CENTER*** (HAL. BANYO AT KUBETA), **PAGRARASYON AT PAGHAHATI-HATI NG MGA KAGAMITANG PANGSAMBAHAYAN TULAD NG PANGGATONG, AT IBA PA.**


**KAHIT NA ANG PANG-ARAW-ARAW NA PAMUMUHAY NG BAKWIT AY PANSAMANATALANG NALALAGAY SA DI-NORMAL AT KAKAIBANG SITWASYON, DAPAT PA RIN MAGPATULOY ANG PAGKILALA AT PAGTITIYAK SA KANYANG KARAPATANG GAMPANAN ANG KANYANG MGA TUNGKULIN TULAD NG PAGKAKATAONG MAKAPAGTRABAHO.**






**KARAPATANG MAPANGALAGAAN ANG KANYANG MGA ARI-ARIAN.**





KARAPATANG KILALANIN NG BATAS ANG KANYANG PAGIGING TAO AT ANG KANYANG MGA KARAPATAN BILANG TAO.
SER, GUSTO PO SANA NAMIN BUMISITA SA AMING SITIO PARA MALAMAN ANG KALAGAYAN NG AMING MGA TAHANAN AT BUKID DOON.
MAY *REPORT* SA *HEAD QUARTERS* NAMIN TUNGKOL SA BANTANG PAGSALAKAY NG MGA REBELDE ANO MANG ORAS.
DELIKADO ANG PANAHONG NGAYON. MY DALA BA KAYONG I.D. O CEDULA?
ABDUL, NADALA BA NATIN ANG MGA PAPELES?
NAKAIPIT ANG MGA IYON SA MGA DAMIT NA NADALA NATIN NANG TAYO AY MAG-BAKWIT NADALA BA NATIN LAHAT ANG MGA DAMIT?
WALA KAYONG MGA PAPELES. WALA RIN KAYONG I.D.?... TSK. TSK.
ALAM MO BANG PWEDE KO KAYONG ARESTUHIN NGAYON KUNG GUSTO KO? UNA, NAKA-*DOUBLE RED ALERT* KAMI NGAYON.
PANGALAWA, WALA KAYONG HAWAK NA PAPELES NA NAGSASABING TOTOONG BAKWIT NGA KAYO.




PASENSIYA NA SER. SA PAGLIKAS KASI NAMIN BUHAY AT KALIGTASAN ANG AMING INIISIP AT HINDI MGA PAPELES.
AT KARAPATANG IPAGPATULOY ANG KANYANG MGA KARAPATANG SIBIL AT PAMPULITIKA TULAD NG KALAYAANG MAGPAHAYAG NG KAISIPAN, KUMILOS AYON SA KANYANG KONSENSIYA, RELIHIYON, PANINIWALA, OPINYON.
SANA NAMAN AY PAYAGAN NYO KAMING KUMILOS SA SARILI NAMING LUGAR AT IGALANG NINYO ANG AMING PAGKATAO. HINDI NAMAN YATA DAPAT NAWAWALA O NABABAWASAN ANG AMING MGA KARAPATAN KAHIT NA KAMI AY BAKWIT?
ABA! SUPLADO KA PARE KO! EH KUNG SABIHIN KO SA YO NA PUYAT KAMI DITO SA PAGBABANTAY SA INYO, MAINIT ANG ULO KO AT AYOKONG MAKIPAGKWENTUHAN SAYO NGAYON TUNGKOL SA MGA KARAPATAN NA SINASABI MO?
NASA GITNA TAYO NG GIYERA NGAYON.
AT SA GIYERA, MARAMI TALAGANG BIKTIMA. GANUN TALAGA YUN, KAYA MAGTIIS NA LANG KAYO!
KUNG WALA KAYONG ID AT PAPELES, MAKAKABALIK NA KAYO SA EVACUATION CENTER.
TUNGKULIN RIN NAMIN NA ISAGAWA ANG INSPEKSYONG ITO. TUNGKULIN NAMIN NA SUNDIN ANG OPISYAL NA UTOS SA AMIN...
GINAGAWA LANG NAMIN ANG AMING TRABAHO.

**SA GITNA NG GIYERA, MAY MGA BATAS PA RING UMIIRAL NA DAPAT SUNDIN NG MGA ARMADONG PUWERSA. *INTERNATIONAL HUMANITARIAN LAW* ANG TAWAG DOON. ANG MGA SUNDALO NG GOBYERNO AT MAGING ANG KABILANG PWERSA AY INAASAHANG MAGPAKITA NG DISIPLINA SA LABANAN PARA HINDI MAPINSALA ANG MGA SIBILYAN.**




**SA GIYERA, HIGIT NA KAILANGANG KILALANIN AT IGALANG ANG MGA KARAPATANG PANTAO NG MGA SIBILYAN. MAGING ANG MGA ARMADONG GRUPO O REBELDE AY DAPAT GAWIN ITO.**





INGAT PO, AMA.
TIGIL DIYAN! ISANG HAKBANG MO NA LANG AT TODAS KA!
MALUPIT ANG ARMADONG LABANAN. SA GITNA NG KALITUHAN AT KARAHASAN, MAGING ANG ILANG SIBILYAN AY MINSANG NAPAGHIHINALAAN PANG KALABAN. SILA AY HINUHULI NG BIGLAAN KAHIT HINDI MAKATUWIRAN ANG DAHILAN.
MANGANGANAK ANG ASAWA KO. SUSUNDO LANG PO AKO NG HILOT SA KABILANG...
KRAK!
UGH!
PROTEKSYON LABAN SA HINDI MAKATWIRANG PAGKULONG AT PROTEKSYON LABAN SA TORTYUR..
SINASABI KO NA NGA BA AT HINDI GAGAWA NG MABUTI ITONG LOKONG 'TO EH!
UMAMIN KA NA! KASAMA KA SA MGA UMATAKE SA KAMPO NAMIN , ANO? ITURO MO NA ANG IBANG KASAMA MO!
UNNGHHH!



SINO?!! SAGOT!!!
AHHHGGHH!!
WALA AKONG ALAM...
Kzzzzzz!!
AT KARAPATANG MABUHAY...
ILIGPIT NA YAN AT WAG IKALAT DITO!
SARHENTO, MAGPA-ABISO KA SA KAPITAN NG BARANGGAY, MAG-IINSPEKSYON TAYO BUKAS SA *EVACUATION CENTER*! BAKA MAY MGA KASAMA PANG REBELDE YANG BAKWIT NA YAN NA NAGTATAGO DUN.
JAMIL ANAK, WALA PA BA ANG AMA MO? ARAYKUPOOO!
WALA PA PO INA.
PERO PARATING NA PO SIGURO...
SA GIYERA, BIKTIMA ANG MGA KARAPATANG PANTAO. BIKTIMA RIN ANG KATUWIRAN AT KATOTOHANAN. WALANG NANANALO, WALANG NALILIGTAS SA DIGMAAN. KAHIT ANG MGA NATITIRANG BUHAY, AY NAGPAPATULOY NA SUGATAN.
Wakas

# Ang Bakwit ay May Karapatan Bilang Tao

Kung ang isang alagang manok ay iniingatan at binibigyang halaga, ang tao pa kaya? Ang mga bakwit o tinatawag na *internally displaced persons (IDPs)* ay mga taong katulad nang iba. Sila ay may dangal at dignidad. Anuman ang kanilang katayuan sa buhay, paniniwala, edad, kultura, at relihiyon sila ay may taglay na karapatan na hindi dapat ipagwalang-bahala.

Ang sapilitang pag-alis ng mga sibilyan sa kanilang tahanan at lupain dahil sa kaguluhan ay nakakaapekto sa kanilang buhay, kabuhayan at pag-unlad. At dahil dito, mas lalo nilang kailangan ang proteksiyon at atensiyon ng awtoridad.

Ang *United Nation's Guiding Principles on Internal Displacement* o *UNGPID* ay nagsasabing ang pamahalaan ay may responsibilidad para makaiwas ang mamamayan sa sapilitang pag-bakwit. Kung ang evacuation ay hindi mapipigilan, tungkulin ng gobyerno na tiyakin na hindi mapapahamak ang buhay, kaligtasan at karapatan ng mga apektadong sibilyan.

Karapatan naman ng mga bakwit na humingi at tumanggap ng tulong mula sa pamahalaan at mga *NGOs*. Ang sapat na pagkain, malinining tubig, ligtas na lugar na matutuluyan, tulong pangkalusugan, at pangangalaga sa mga may *trauma* ay ilan lamang sa mga bagay na dapat na matanggap ng mga bakwit ayon sa *UNGPID*. Ang proteksiyon ng mga bata laban sa karahasan, at ang kanilang karapatang magpatuloy ng pag-aaral kahit na nasa *evacuation centers* ay obligasyon din ng pamahalaan na ipagkaloob. Ang mga paaralan, *mosque*, simbahan at pasilidad ng mga sibilyan ay dapat na hindi madamay sa mga sagupaan.

Ang kalayaan ng mga bakwit na kumilos, magpahayag, at sumamba ay kasama sa alituntunin ng UN. Ipinagbabawal ang paggamit sa mga sibilyan bilang hostage. Hindi rin dapat na pinipilit ang mga bakwit na bumalik sa kanilang komunidad kung hindi matitiyak ng mga awtoridad ang kanilang kaligtasan. Pinapayuhan ng *UN* ang mga awtoridad na gawin ang lahat na magagawa upang manumbalik sa normal ang buhay at kabuhayan ng mga sibilyan. Inaasahan ang patuloy na tulong ng pamahalaan sa mga *IDPs* sa panahon ng kanilang pagbabalik o permanenteng paglipat sa ibang lugar, at rehabilitasyon.

Sa kasalukuyan, ang *UNGPID* ang pinaka-kumprehensibong dokumento na nagpapatibay sa karapatan ng mga *IDPs*. Mula pa noong 1998, ang *UN Commission on Human Rights* ay nagbigay ng pahayag sa mga pinuno ng gobyerno sa buong mundo na gamitin ito upang maging gabay sa pangangalaga sa karapatan ng mga sibilyang lumikas, lalo na sa panahon ng mga armadong labanan.

Ang *UNGPID* ay may mga alituntunin na nahahati sa apat na bahagi:

1. Alituntunin para maiwasan ang paglikas
2. Alituntunin sa panahon ng aktuwal na paglikas at pagtulong sa mga bakwit
3. Alituntunin para sa pagbabalik, paglilipat, at pakikipamuhay ng mga bakwit
4. Gabay hinggil sa makataong pagtulong.

Ang *UNGPID* ay hindi batas. Subalit ang mga alituntunin nito ay nagmula sa mga legal na kasunduan na pinirmahan ng pamahalaan ng Pilipinas. Kabilang dito ang *Universal Declaration of Human Rights, International Bill of Human Rights, International Humanitarian Law, International Refugee Law, Convention on the Rights of the Child, Convention on the Elimination of Discrimination Against Women,* at *Convention Against Torture.*

Ang *Presidential Committee on Human Rights* ay nanawagan noong *December 2003* na magsagawa ang pamahalaan ng batas para pagtibayin ang karapatan ng mga *IDPs* ayon sa mga alituntunin ng UNGPID. Nanawagan din ito sa *Department of Social Welfare and Development (DSWD), Department of National Defense (DND),* at *Department of Interior and Local Government (DILG)* na kumilos para sa kapakanan ng mga bakwit ayon sa pamantayan ng *UN.*

Samantala, ang lahat ng mga bakwit at mga *NGO* ay makikinabang kung pag-aaralan at gagamitin ang mga gabay na nasa *UNGPID* upang mapangalagaan at maipagtanggol ang karapatan ng mga sibilyan naitaboy ng armadong labanan.

At sa pangkalahatan, mas makabubuti kung susundin ng mga awtoridad ang rekomendasyon ng *UN Representative on Internally Displaced Persons* na gumawa ng hakbang upang malutas ang mga dahilan sa paulit-ulit na labanan na nagtataboy sa sibilyan mula sa kanilang tahanan at pamayanan.




# PAGLALAKBAY sa KAPAYAPAAN

KUWENTO:
Carina V. Anasarias

GUHIT:
Armando L. Paragat




AT ANG LAHAT, SA ILALIM NG LANGIT, NA NAGHIHINTAY SA PAG-ASA NG KAPAYAPAAN AY BUMABANGON UPANG SUMALUBONG AT MAG-ALAY NG KANILANG MGA SARILI.







NGUNIT ANG KAPAYAPAAN AY PANALANGIN NA HINDI LAMANG INUUSAL NG LABI. ITO AY HIGIT NA DAPAT ISINASABUHAY..











AT KUNG KINAKAILANGAN, ANG KAPAYAPAAN AY IPINAGPAPAKASAKIT.





PATULOY AT LAGANAP ANG PAGHAHANGAD NG KAPAYAPAAN SA LAHAT NG SULOK NG MUNDO KUNG SAAN NAROROON ANG MGA KINAKATAWAN NG SANGKATAUHAN. NGUNIT PARA SA KANILA, NA MGA KINAKATAWAN DIN NGUNIT BIKTIMA NG DIGMAAN,,
NA ITINABOY,,
INAGAWAN NG ARI-ARIAN, TAHANAN AT MGA MINAMAHAL
DAMPUTIN YANG MGA YAN. IMBESTIGAHAN!
NAKU 'WAG PO ANG ASAWA KO! MARAMI NA PONG DI NAKABABALIK SA AMING MGA KALALAKIHAN DITO. MAAWA PO KAYO!


INAGAWAN NG MGA KARAPATAN
HANGGANG KAILAN KAYA TAYO DITO?
OO NGA, PARANG HUMINTO NA ANG PAG-TAKBO NG BUHAY NATIN DITO. KULANG ANG SUPLAY PERO HIRAP DIN TAYO PAMPUNO SA KAKULANGAN. PAANO BA YAN?
INAGAWAN NG BUHAY
ANONG NANGYARI? BAKIT NYO GINAWA SA ANAK KO ITO?
NAPAGKAMALAN PONG REBELDE. DIS ORAS NA PO KASI NG GABI, EH UMAALIGID PA SA KALAYUAN MULA SA EVACUATION CENTER NA ITO.
INAGAWAN NG SARILING BAIT AT KATINUAN
UNGGHH
INAAAY!
ANAK, ANAK... NANAGINIP KA NA NAMAN BA?


SILANG TILA INIWAN NG PANAHON NA NAKABITIN AT NAKATIWANGWANG ANG PAMUMUHAY SA LOOB NG MGA MASIKIP AT MALA-BILANGGUANG EVACUATION CENTERS




SAAN NILA HUHUGUTIN AT PIPILITING KILALANIN SA KANILANG TILA ITINAKWIL NA BUHAY ANG PAG-ASA NG KAPAYAPAAN?














AY SALAMAT, MAGANDANG BALITA YAN. MATAGAL NA NGA TAYO DITO SA EVACUATION CENTER AT NAKAKAINIP NA.
BUMALIK NA TAYO KAAGAD.
MABUTI NAMAN KUNG TUMIGIL NA NGA ANG PUTUKAN.
PERO, KAILAN NGA BA MASASABING TALAGANG HANDA NA TAYONG MAGSISIBALIK?
OO NGA, SA PALAGAY KO AY MAHIRAP PANG UMUWI NGAYON. WALA NA BA TALAGANG MGA SUNDALO NA NAKAHIMPIL.
HETO NGA ANG BUNSO KO AT NANGHIHINA PA DAHIL SA MATINDING EPEKTO SA KANYANG PAG-IISIP NG MGA NAKARAANG SAGUPAAN. MAKAGUBUTI BA SA KANYA NA MAGBALIK NA AGAD DOON ANG PAMILYA NAMIN?
KAMI RIN AY HIRAP PANG MAGPASYA.
HINDI NA MASISILUNGAN ANG BAHAY NAMIN DAHIL NAWASAK NA ITO SA GITNA NG MGA PAGPASABOG.
NASALANTA RIN ANG ATING MGA BUKID AT IBA PANG TANIMAN. ANG MGA ALAGANG HAYOP NATIN AY NINANAKAW NG MASASAMANG LOOB, KUNG HINDI MAN NABULABOG AT NANGAWALA NA.
ABO NA RIN LANG ANG NATITIRA SA ESKWELAHAN NA NATUPOK NG APOY SA KAINITAN NG SAGUPAAN. SAAN NA KAYA MAGPATULOY NG PAG-AARAL ANG ATING MGA ANAK?


UMATRAS NA NGA BA ANG MGA SUNDALO ?
KUNG MANANATILI SILA DOON, HINDI MATATAPOS ANG BAKBAKAN DAHIL PATULOY NA PUPUNTIRYAHIN PA RIN NG MGA REBELDE ANG LUGAR NATIN..
... NANGANGAMBA AKO NA HINDI MAGLALAON AT SISIKLAB MULI ANG GIYERA KUNG HINDI MALULUTAS NG GOBYERNO ANG MGA DAHILAN SA LIKOD NG KAGULUHAN.
SUMASANG-AYON AKO SA SINABI NG KAPATID. KUNG GANOON NA PANSAMANTALANG NAITABOY LAMANG ANG MGA KAPATID NA MORO SA PAMAMAGITAN NG LAKAS MILITAR, NANANATILI PA RIN ANG PROBLEMA NG KAHIRAPAN AT PANUNUPIL.
PARANG BIBISITA NGA LANG TAYO SA BAHIRA SA ATING BINABALAK NA PAGBABALIK..
... HINDI MAGTATAGAL AY MAGAALSA-BALUTAN NA NAMAN TAYO PARA SAGIPIN ANG SARILING BUHAY NATIN.
MAHIRAP LUMIKAS; GAYUNDIN ANG MAGBALIK.
BAKIT PA TAYO BABALIK ?
AKO MAN AY NAGTATANONG SA AKING SARILI KUNG MAY BABALIKAN PA TAYO SA BAHIRA. MARAHIL DAPAT NATING PAG-ISIPAN AT PAGHANDAAN MABUTI ANG ATING SUSUNOD NA MGA HAKBANG.
MAKAKATULONG SIGURO SA ATIN NA PAKINGGAN ANG SASABIHIN NG ATING MGA KAIBIGAN MULA SA MGA NGOs.
TUTAL AY MATAGAL NA NAMAN NATIN SILANG KASAMA DITO DAHIL SA KANILANG IPINAGKALOOB NA TULONG, ANYAYAHAN NATIN SILANG MAGBIGAY NG KANILANG OPINYON.



ASSALAMU ALAIKUM! AKO PO SI MIRA. NARITO RIN PO SI KASAMANG MAT PARA TU-MULONG MAGPALIWANAG SA ATIN.
BUMUO PO NG KOMITE ANG PAMAHALAAN UPANG MAKIPAG-UGNAYAN SA INYO PARA KAYO AY MAKA-BALIK NA.
KINATUWANG PO NG LOKAL NA PA-MAHALAAN ANG AMING ORGANISASYON SA KOMITE NA NABANGGIT AT DOON PO AY KASAMA RIN NAMIN ANG INYONG PUNONGBARANGAY SI BAPA ISMAIL AT ILAN PANG KINATAWAN MULA SA INYONG HANAY. BATAY PO SA PAGPU-PULONG NG KOMITE, MASASABI PO NA PINAKAMALIIT NA ANG PANGANIB NGAYON, KUNG KAYO AY MAGBA-BALIK NA SA BAHIRA. TULAD PO NG SINABI NI HADJI ISMAIL MA-AARI NA PO KAYONG MAGHANDA UPANG MAGSIPAGBALIK.
BATAY SA KARANASAN NINYO NG PAG-TULONG NG MGA TAGA KOMUNIDAD NA LUMILIKAS, ANO BA ANG MASASABI NYO SA MGA BINANGGIT NA USAPIN KANINA?
BAGO KO PO SAGUTIN YAN, NAIS KO LANG PO IPAALALA NA ANG MGA NON-GOVERNMENT ORGANIZATIONS NA TUMUTULONG SA MGA TAONG LUMI-LIKAS SA LOOB NG BANSA AY WALA PONG LAYUNIN NA MAGPASIYA PARA SA KAPAKANAN NG MGA BAKWIT.
ANG PAGLIKAS AT PAGBA-BALIK AY BAHAGI NA PO NG BUHAY NG MGA MAMA-MAYAN NA NAIIPIT SA GITNA NG ARMADONG SALUNGATAN.
DAHIL KAYO PO ANG MGA APEKTADONG MAMAMAYAN, KAYO PO ANG MAGPAPA-SIYA AT HAHAKBANG UPANG MAG-PATULOY NG SARILI NINYONG BUHAY.
KAMI PO AY TUTULONG LAMANG NA MAGBIBIGAY NG ILANG KAILANGANG SERBISYO. KAMI PO AY MAGSISILBING TULAY LAMANG PARA KAYO AY MAKA-TAWID TUNGO SA PAGBAWI NINYO SA INYONG PAMUMUHAY.
SA NGAYON, MAYROON LAMANG PO KAYONG TATLONG PAGPIPILIAN PARA KAYO MAKAPAGPASIYA. UNA, ANG PAGBABALIK. PANGALAWA, RELO-KASYON O PAGLIPAT NG LUGAR NA MATITIRHAN. PANGATLO, PANANATILI PA MUNA DITO SA EVACUATION CENTER.


BAGAMAT HINDI MAGIGING MADALI, SA AMING PALAGAY AY PINAKAMABUTI PO NA KAYO AY MAGBALIK NA SA INYONG LUGAR. SA KABILA NAMAN NITO, PINAKAMALIIT ANG POSIBILIDAD NA MAKABUBUTI SA INYO ANG PAMAMALAGI DITO NANG HIGIT PA SA ITINAKDANG PANAHON NG PAMAHALAAN.
SA NGAYON, GIPIT NA ANG KUNDISYON NINYO DITO AT HABANG NAUUBOS ANG MGA KAILANGANG PANTAWID-BUHAY INAASAHAN NATING LALONG TITINDI ANG MISIRABLENG KALAGAYAN DITO.
PAANO NA KAMI?
KAHIT PA NGA TUMANDA NA AKO SA GITNA NG GIYERA AT DAPAT NGA SANA AY NAKASANAYAN KO NA ANG MAYA'T-MAYANG PAGLIKAS, EH NANGARAP DIN NAMAN AKO NG KATAHIMIKAN AT KAPAYAPAAN. LAHAT NG APO KO AY NASAWI SA GIYERA. HETO ANG NATITIRA KONG APO MAY SAKIT.
KAILAN PA BA KIKILOS ANG PAMAHALAAN PARA TAPUSIN NANG LUBOS ANG GIYERA DITO SA ATIN AT NANG GAYON EH MAGKAROON NA TAYO NG KAPAYAPAAN?
SANA AY MAKAPAGPATULOY NA ANG USAPANG PANGKAPAYAPAAN SA PAGITAN NG GOBYERNO AT MGA KAPATID NA MORO. PAANO BA TAYO MAKATUTULONG PARA IGIIT ANG PAGKAKAROON NG 'CEASE FIRE' AT 'PEACE TALKS'?
ANG TIGIL PUTUKAN AT NEGOSASYON PARA SA KAPAYAPAAN AY MALAKING HAKBANG.
MARAMI PANG PARAAN PERO MATUTO TAYONG MAGSIMULA SA ATING HANAY. HALIMBAWA, SAMA-SAMA MUNA TAYONG HUMAKBANG BILANG MGA PAMILYA AT BILANG MGA KASAPI NG ATING KOMUNIDAD. KAYO AY MAAARING TUMULONG MAGPASIMULA SA KAPAYAPAAN KUNG MATUTUHAN NINYO ANG MGA SANGKAP PARA SA MAPAYAPANG PAMUMUHAY AT PAMAYANAN.
ISANG NAPAKAHALAGANG SANGKAP NG KAPAYAPAAN ANG PAGKAKAROON NG MAKATARUNGANG KALAGAYAN SA ATING PAMAYANAN. NGUNIT PAANO NATIN MAIINTINDIHAN ANG PAG-IRAL O HINDI NG KATARUNGAN KUNG HINDI NATIN ALAM ANG ATING MGA KARAPATAN?
ANG PAGPATUPAD NG ATING KARAPATAN AY ISA SA MGA PANGUNAHING SUKATAN NG PAG-IRAL NG HUSTISYA.



BILANG MAMAMAYAN NG BANSA, TAGLAY NATIN ANG MGA KARAPATANG ITINADHANA NG ATING SALIGANG BATAS.
MAYROON DIN TAYONG KARAPATANG PANTAO NA BATAY SA MGA PANDAIGDIGANG KASUNDUAN. SA KALAGAYAN NINYO BILANG MGA BAKWIT AY MAY NAKALAANG NATATANGING KARAPATAN BILANG INYONG PROTEKSYON.
LAYUNIN DIN NG MGA KARAPATAN NA MABAWASAN ANG MGA PAGPAPALIKAS AT ANG MGA MASAMANG EPEKTO NITO.
ANG PAGKILALA AT PAGGALANG SA INYONG KARAPATAN BILANG BAKWIT AY PARAAN NG PAGPIGIL SA PAGLALA NG SITWASYON NG GIYERA AT PAGGIIT SA PAGPAPANATILI NG BATAYANG KUNDISYON NG KAPAYAPAAN SA KABILA NG DI-PAGKAKASUNDO SA PAGITAN NG MGA PANIG.
NILALAMAN NG MGA PRINSIPYONG GABAY SA INTERNAL NA PAGPAPALIKAS NA BINUO NG UNITED NATIONS ANG PANGKALAHATANG KARAPATAN NG MGA IDPs.
SA PANAHON NG PAGBABALIK AT PAGLILIPAT SA IBANG LUGAR, MAHALAGANG MALAMAN NINYO AT GAMITIN ANG INYONG KARAPATAN.
LAHAT NG MAKATAONG TULONG AY DAPAT NA ISASAGAWA AYON SA MGA SIMULAING MAKATAO AT PAGKAPANTAY-PANTAY AT WALANG PAGTATANGI.
ANG MAKATAONG TULONG SA MGA LUMILIKAS NA TAO SA LOOB NG BANSA AY HINDI DAPAT ILIHIS, LALO NA, PARA SA MGA DAHILANG PULITIKAL O MILITAR.
NAKASALALAY SA MGA PAMBANSANG AWTORIDAD ANG PANGUNAHING RESPONSIBILIDAD NG PAGLALAAN NG MAKATAONG TULONG SA MGA BAKWIT SA LOOB NG BANSA.


ANG MGA PANDAIGDIG NA MAKATAONG ORGANISASYON AT IBA PANG KARAPAT-DAPAT NA MGA TAGAGAMPAN AY MAYROONG KARAPATANG IBIGAY ANG KANILANG MGA PAGLILINGKOD PARA SA SUPORTA NG MGA BAKWIT SA LOOB NG BANSA.
ANG GANITONG PAGBIBIGAY AY HINDI DAPAT TINGNAN BILANG ISANG MAPANG-AWAY NA GAWA O ISANG PANGHIHIMASOK SA PANLOOB NA USAPIN NG ISANG ESTADO AT DAPAT TANGGAPIN NA ISANG MABUTING PAKAY.
HINDI DAPAT PIGILIN ITO LALO NA KUNG ANG MGA KINAUKULANG AWTORIDAD AY WALANG KAKAYAHAN O AYAW MAGBIBIGAY NG KINAKAILANGANG TULONG.
ANG PAMAHALAAN AY DAPAT MAGBIGAY AT MAGPABILIS SA MALAYANG PAGPASOK NG MAKATAONG TULONG AT BIGYAN ANG MGA TAONG KALAHOK SA PAGLALAAN NG GANITONG TULONG NG ISANG MADALI AT WALANG SAGABAL NA UGNAY SA MGA LUMILIKAS SA LOOB NG BANSA.
ANG MGA TAONG KALAHOK SA PAGBIBIGAY NG MAKATAONG TULONG, ANG PAGLALAKBAY NILA AT ANG MGA RASYON AY DAPAT IGALANG AT PANGALAGAAN.
HINDI SILA DAPAT MAGING PUNTIRYA NG PAGSASALAKAY O IBANG GAWANG KARAHASAN.
ANG MGA PANDAIGDIG NA MAKATAONG ORGANISASYON AT ANG IBA PANG MGA TAGA-GAMPAN KUNG NAGBIBIGAY NG TULONG AY DAPAT MAGBIBIGAY NG NAUUKOL NA PAGKILALA SA MGA PANGANGAILANGAN NG PANGANGALAGA AT MGA KARAPATANG PANTAO NG MGA BAKWIT AT GUMAWA NG ANGKOP NA MGA PAMAMARAAN KUGNAY NITO.
SA PAGSASAGAWA NITO, ANG MGA ORGANISASYON AT TAGA-GAMPAN NA ITO AY DAPAT IGALANG ANG MGA NAPAPANAHONG PANDAIGDIG NA PAMANTAYAN AT MGA SISTEMA NG PAG-UUGALI.
ANG GOBYERNO AY MAY PANGUNAHING TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD NA ILATAG ANG MGA KALAGAYAN, GANUNDIN ANG PAGLALAAN NG MGA PAMAMARAAN NA MAGPAHINTULOT SA MGA BAKWIT NA MAKABALIK NG KUSANG LOOB, NANG LIGTAS AT MAY KARANGALAN SA KANILANG TAHANAN O LUGAR NG PALAGIANG TIRAHAN O LUMIPAT NANG KUSANG LOOB SA IBANG BAHAGI NG BANSA.
ANG PAMAHALAAN AY MAGSIKAP NA PABILISIN ANG PAKIKISALAMUHA NG MGA NAGSISIBALIK O NALIPAT NA MGA BAKWIT.
MGA NATATANGING PAGSISIKAP ANG DAPAT GAWIN UPANG MATIYAK ANG LUBOS NA PAGLAHOK NG MGA BAKWIT SA PAGPAPLANO AT PAMAMAHALA NG KANILANG PAGBALIK O PAGLIPAT AT PAKIKISALAMUHA.



ANG MGA BAKWIT NA NAKABALIK O LUMIPAT NG TIRAHAN SA LOOB NG BANSA AY MAY KARAPATANG LUMAHOK NG LUBOS AT PANTAY SA PAMBAYANG GAWAIN AT PAGLILINGKOD NG WALANG PAGTATANGI.
ANG GOBYERNO AY MAY OBLIGASYON NA TULUNGANG MAIBALIK O MABAYARAN ANG MGA ARI-ARIAN AT YAMAN NA NAPINSALA BUNGA NG PAGLILIKAS O PWERSAHANG PAGLILIKAS.
ANG MGA KARAPATANG ITO AY DAPAT MALAMAN NINYO UPANG SA GAYON AY MAIWASAN AT MATIGIL ANG PANGYAYARI NG SAPILITANG PAGLILIKAS.
WAAAAAA!!
HALINA KAYO MGA ANAK, UMUWI NA TAYO.


MARAMING SALAMAT KAPATID NA MIRA AT MAT, IPARATING NINYO ANG PASA-SALAMAT NAMIN SA LAHAT NG MGA KASAMA NYO SA ORGANISASYON. IPANALANGIN NATIN ANG ISA'T-ISA.
BABALIK PO KAMI, BAPA. SALAMAT DIN PO.
HANGGANG SA MULI BAPA, ASSALAMU ALAIKUM.
ANG KAPAYAPAAN AY BUNGA NG KONKRETONG MGA PAGSISIKAP AT HINDI SALITA LAMANG.
GIVE PEACE A CHAN
HINDI ITO PAGHINTO LAMANG NG MGA INGAY NG PUTUKAN AT PAGSABOG.
HINDI ITO ANG PAGLUBOG NG ARAW MATAPOS ANG BIGONG MAGHAPON.
ANONG BALITA?
WALA EH, IPINAGBEBENTA NA ANG MGA PATANIMAN SA LUGAR NATIN KUNG HINDI MAN NAGBABAWAS NG TAO.
HINDI ITO ANG KATAHIMIKAN NG GABI KUNG KAILAN PILIT NAGHAHANAP NG MAHIMBING NA PAHINGA ANG MGA MARALITA.
BAKIT DI KA PA MATULOG ANAK?
GUTOM PA AKO, INAY.
PUMIKIT KA ANAK, PAG NAKATULOG KA NA MAWAWALA NA YAN.


O KAYA AY KATAHIMIKAN NG PAGTAHIMIK LAMANG




ANG KAPAYAPAAN AY ANG MULAT AT AKTIBONG PAGKILALA SA KARAPATAN NG MAMAMAYAN AT PAGBIBIGAY AT PAGKAKAROON NG HUSTISYA...



PAGPAPALAGANAP NG PAG-UUNAWA, RESPETO AT PAGTANGGAP SA MGA PANIWALA, KULTURA, AT ADHIKAIN NG IBAT-IBANG MAMAMAYAN...



PAGTATAGUYOD NG PAGTUTULUNGAN AT PAGKAKAPATIRAN NG MGA TAONG SAMA-SAMANG NAMUMUHAY SA MGA PAMAYANAN...




KUNG SAAN ANG KAKAYAHAN PARA SA KAPAYAPAAN AY NANANAHAN HINDI SA KANILANG PANLABAS NA PALIGID LAMANG KUNDI SA KAIBUTURAN NG INDIBIDWAL NA MAMAMAYAN SA PAYAK NA KABUTIHAN NG BAWAT ISA.

WAKAS

Ang *Balay Rehabilitation Center* ay isang *non-government organization*. Ito ay naghahandog ng *psychosocial* at *developmental services* sa mga komunidad na sapilitang lumikas dahil sa armadong labanan, demolisyon at paglabag sa karapatang pantao. Ang Balay ay tumutulong sa pagtataguyod ng kapayapan at karapatan ng mga *internally displaced peoples*.

Website: http://www.balayph.org
Email: balaysrv@info.com.ph